

Abiso sa Hindi Pandidiskrimina

Sumusunod ang Health Net sa mga Pang-estado at Pederal na batas sa karapatang sibil at hindi ito nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao o nagtatrato nang iba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, lipi, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng kinabibilangang etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, impormasyong henetiko, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian o sekswal na oryentasyon.

Ang Health Net ay nagbibigay ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang makipag-usap nang mas mabuti sa amin, tulad ng mga kwalipikadong interpreter ng sign language at nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking print, naa-access na electronic na format, iba pang format).
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, tulad ng mga kwalipikadong interpreter at impormasyong nakasulat sa iba pang mga wika.

Kung kailangan mo ng mga serbisyong ito o para hingiin ang dokumentong ito ng nasa alternatibong format, makipag-ugnayan sa Health Net Customer Contact Center sa 1-800-675-6110 (TTY: 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon.

Kung naniniwala kang nabigo ang Health Net na ibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandiskrimina sa ibang paraan, maaari kang maghain ng karaingan sa Health Net sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, nang personal, o sa paraang elektroniko:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa Health Net Civil Rights Coordinator sa 1-866-458-2208 (TTY: 711), Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Sagutan ang form para sa reklamo o gumawa ng sulat at ipadala ito sa Health Net Civil Rights Coordinator, P.O. Box 9103, Van Nuys, CA 91409-9103.
- Nang personal: Bisitahin ang tanggapan ng iyong doktor o ang Health Net at sabihin na gusto mong maghain ng karaingan.
- Sa paraang elektroniko: Bumisita sa website ng Health Net sa www.healthnet.com

Maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa California Department of Health Care Services, Office of Civil Rights sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o sa paraang elektroniko:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa 916-440-7370. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa 711.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Sagutan ang form para sa reklamo o gumawa ng sulat at ipadala ito sa Deputy Director, Office of Civil Rights, Department of Health Care Services, Office of Civil Rights, P.O. Box 997413, MS 0009, Sacramento, CA 95899-7413.
Available ang mga form para sa reklamo sa http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx
- Sa paraang elektroniko: Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov

Kung naniniwala kang diniskrimina ka dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o sa paraang elektroniko:

- Sa pamamagitan ng telepono: 1-800-368-1019 (TDD: 1-800-537-7697)
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Sagutan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa U.S. Department of Health and Human Services, 200 Independence Avenue SW, Room 509F, HHH Building, Washington, DC 20201
Available ang mga form para sa reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>
- Sa paraang elektroniko: Bisitahin ang Portal para sa Reklamo ng Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>